


7

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 4: Kaugnayan ng Iba't Ibang Ideolohiya sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalista



Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Modyul 4: Kaugnayan ng Iba't Ibang Ideolohiya sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalista

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Rizza Joy O. Morco
Editor:	Angie Lyka L. Galaroza, Jay M. Maravilla
Tagasuri:	Zenon M. Oblan
Tagaguhit:	Glendale John V. Felizarte, Irene Joy B. Pablico
Tagalapat:	Liezl O. Arosio, Magnolia M. Mabulo-Delos Santos, Paulina S. Crescini
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Mariflor B. Musa Freddie Rey R. Ramirez Danilo C. Padilla Cyril C. Serador Ronald S. Brillantes Marites L. Arenio Eva Joyce C. Presto Rhea Ann A. Navila

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon ng MIMAROPA

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8631-4070; 8637-3093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
Kaugnayan ng Iba’t Ibang
Ideolohiya sa Pag-usbong
ng Nasyonalismo
at Kilusang Nasyonalista**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Halina't simulan natin!

Marahil ay mayroon ka nang kabatiran hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng mga bansa sa daigdig. Bakit iba't iba ang mga kalagayang pampulitika ng mga bansa? Matutuhan sa modyul na ito ang iba't ibang ideolohiyang sinusunod ng mga bansa. At ang katangian ng bawat isa. Tatalakayin din kung ano ang epekto ng iba't ibang ideolohiya sa pag-usbong ng nasyonalismo at malawakang kilusang nasyonalista sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang sumusunod na tanong. Alam kong maraming mga katanungan ang nasa isip mo na may kinalaman sa iba't ibang ideolohiya sa pag-usbong ng nasyonalismo at sa mga kilusang nasyonalista. Kaya't simulan mo na ang pagsagot sa mga katanungan at huwag kang matakot o mangamba sa pagsagot dahil may mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Naiisa-isa ang mga ideolohiya sa pag-usbong ng nasyonalismo at kilusang nasyonalista;
2. Natatalakay ang kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya sa Timog at Kanlurang Asya; at
3. Nasusuri ang mga ideolohiyang umiral sa mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo)

PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)

Nakapagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag -unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanluyang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo)

PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)

- Nasusuri ang kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya sa pag-usbong ng nasyonalismo at kilusang nasyonalista. **(Week 4)**



Subukin

Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang bawat pahayag at katanungan. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ayon sa ideolohiyang kapitalismo, kailangan ay maliit o limitado ang papel na ginagampanan ng ahensya o institusyong ito sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa. Ano ang tinutukoy ng pahayag?
 - a. Edukasyon
 - b. Mass Media o Mamamahayag
 - c. Pamahalaan
 - d. Simbahan

2. Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay lamang ng isang tao at ang pinuno ng sistemang ito ay karaniwang tinatawag na hari o reyna. Anong Sistema ang tinutukoy ng pahayag?
 - a. Awtoritarianismo
 - b. Demokrasya
 - c. Monarkiya
 - d. Totalitarianismo

3. Alin sa sumusunod ang uri ng nasyonalismo na umusbong sa Saudi Arabia?
 - a. Komunismo
 - b. Monarkiya
 - c. Sosyalismo
 - d. Totalitarianismo

4. Sino ang **HINDI** kabilang sa pangkat ng mga lider ng Komunismo?
 - a. Nicolai Lenin
 - b. Karl Marx
 - c. Joseph Stalin
 - d. Leon Trotsky

5. Ayon sa kaisipang Komunismo, ang puhunan at sistema ng produksyon ay kontrolado ng estado. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang nais wakasan ng kaisipang komunismo?
 - a. demokratikong sosyalismo
 - b. kapitalismo
 - c. sistemang komunal
 - d. sosyalismo

6. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapamalas ng Nasyonalismo?
- Pagtangkilik ng sariling produkto
 - Pagpapatibay ng ugnayang panlabas
 - Pag-angat ng mga produkto sa ibang bansa
 - Wala sa mga nabanggit
7. Ang nasyonalismo ay ang pagsibol ng damdaming makabayan na nagbigay-daan para may matutunan ang mga mamamayan. Ano ang natutuhan ng mga Asyano mula rito?
- Pagpatibay ng ugnayang panlabas
 - Maging laging handa sa pananakop
 - Makisalamuha sa mga mananakop
 - Pigilin ang paglaganap ng imperyalismong kanluranin
8. Ano ang dimensyon ng buhay ang **HINDI** gaanong naapektuhan ng anumang ideolohiya?
- batas
 - isports
 - kabuhayan
 - kultura
9. Ano ang paraan ng pakikilahok ng mga mamamayan sa pagpili ng mga pinuno sa ilalim ng demokratikong bansa?
- Check and Balance*
 - Tagapagbatas
 - Tagapagpaganap
 - Tuwiran at Di-Tuwirang pagboto
10. Alin sa sumusunod na kaisipan ang **HINDI** kabilang sa prinsipyo ng Komunismo?
- Pagbibigay proteksyon sa mga manggagawa.
 - Lubos na paghihiwalay ng simbahan at Estado.
 - Pagpapalakas ng mga malalaking pribadong negosyo.
 - Pagwawakas ng kapitalismo.
11. Anong ideolohiya ang nagbibigay kalayaan sa mga mamamayan na mamahala ng kanilang kabuhayan na sinusunod ng mga bansang Pilipinas, Hapon, Estados Unidos, at Timog Korea?
- Demokrasyang sosyalismo
 - Kapitalismo
 - Komunismo
 - Sosyalismo

12. Sa ilalim ng sistemang pangkabuhayang ito, ang produksyon, distribusyon, at kalakaran ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal. Anong sistemang pangkabuhayan ang tinutukoy nito?
- Demokrasyang sosyalismo
 - Kapitalismo
 - Komunismo
 - Sosyalismo
13. Ang sistemang ito ay may layuning pagkakapantay-pantay at kawalan ng antas o pag-uuri-uri ng lipunan (classless society) kung saan ang mga salik ng produksyon ay pag-aari ng lipunan. Anong sistema ito?
- Demokrasyang sosyalismo
 - Kapitalismo
 - Komunismo
 - Sosyalismo
14. Anong ideolohiya ang naglalayon na makamit ang perpektong lipunan sa pamamagitan ng pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa, pagtutulungan, at ang paghawak ng pamahalaan sa mahahalagang industriya?
- Demokrasyang sosyalismo
 - Kapitalismo
 - Komunismo
 - Sosyalismo
15. Sa anong sistema nakapaloob na ang kapangyarihan sa pamahalaan ay nasa kamay ng mga mamamayan at sila rin ang pumipili ng magiging pinuno sa pamamagitan ng halalan?
- Awtoritarianismo
 - Demokrasya
 - Monarkiya
 - Totalitarya

Aralin

1

Kaugnayan ng Iba't Ibang Ideolohiya sa Pag-usbong ng Nasyonalismo at Kilusang Nasyonalista

Tinalakay sa nakaraang aralin ang mga karanasan at implikasyon ng mga naging digmaang pandaigdig sa kasaysayan ng mga bansang Asyano.

Natatandaan mo pa ba ang ilan sa mga pangyayaring naganap dito?



Balikan

Suriin ang collage at sagutin ang mga tanong kaugnay nito. Gawin ito sa sagutang papel.



Pamprosesong Tanong:

1. Mula sa *collage*, ano-ano ang naging kaganapan sa bansa ng Timog at Kanlurang Asya
 - a. bago at matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig?
 - b. bago at matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig
2. Paano nakaapekto ang mga nasabing digmaan sa pagtatamo ng kalayaan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?



Mga Tala para sa Guro

Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng cross word puzzle, graphic organizer, pagsusulat ng maikling sanaysay, picto analysis, reflective journal atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyayamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.




Tuklasin

Gusto mo bang malaman ang mga ideolohiya na nagbigay daan sa pag-usbong ng nasyonalismo at kilusang nasyonalista?

Pero bago 'yan, subukan muna nating gawin ang nakahandang gawain.

Word Web

Bago ka magsimula sa aralin, mag-isip ng mga salitang may kaugnayan sa katagang IDEOLOHIYA. Anong kaugnay na kaisipan ang maaaring makatulong sa iyo upang maunawaan ang salitang ito. Isulat mo sa iyong sagutang papel ang iyong sagot.




Mula sa nailagay o naisulat na mga kaugnay na salita sa ideolohiya, bumuo ng konsepto na tumutukoy dito.

Ang ideolohiya ay tumutukoy sa _____

Concept Map

Panuto: Ilagay sa *concept map* kung ano sa palagay mo ang naging kaugnayan ng iba't ibang ideolohiya sa malawakang kilusang nasyonalista. Gawin ito sa hiwalay na papel.





Suriin

Ang Kahulugan ng Ideolohiya



Alam mo ba? Ang ideolohiya ay isang sistema o kalipunan ng mga ideya o kaisipan na naglalayong magpaliwanag tungkol sa daigdig at pagbabago nito na nabuo, ibinabahagi at sinusunod ng mga grupo ng tao o ng lipunan. Ang ideolohiya ay tumutukoy sa kaisipang nakaimpluwensya sa pag-iisip, pananaw, at pagkilos ng mga tao na kabilang sa grupo o sa partikular na lipunan.

Si Desttuff de Tracy ang nagpakilala ng salitang ideolohiya bilang pinaikling pangalan ng agham ng mga kaisipan o ideya. Ang pakahulugan nito ay pinalawig pa ng iba't ibang pilosopo at eksperto sa Agham Panlipunan.

Iba't Ibang Ideolohiya at ang Malawakang Kilusang Nasyonalista sa Timog at Kanlurang Asya

Bakit iba't ibang ideolohiya ang sinusunod ng mga bansa? Paano ang mga ideolohiyang ito ay nakatutulong o nakaapekto sa pagkakaroon ng mga Kilusang Nasyonalista? Paano ang mga ito ay nagsilbing instrumento sa paglaya ng mga bansa?

Ang mataas na uri ng pagpapahalaga at mga kasagutan sa mga suliranin at pangangailangan ng mamamayan ay ipinahahayag ng mga ideolohiya. Naaayon din ang mga ito sa kultura at kasaysayan ng bansa. Maraming kategorya ng ideolohiya sa lipunan tulad ng kasarian, kulay, relihiyon at iba pa. Sa araling ito, tunghayan

natin ang dalawang kategorya : ang ideolohiyang pang-ekonomiya at ideolohiyang pampolitika.

2 Kategorya ng Ideolohiya:

Ideolohiya	Kahulugan
Ideolohiyang Pang-ekonomiya	- nakatuon sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa at paraan ng produksyon, distribusyon, palitan ng produkto at serbisyo at pagmamay-ari ng lupa at iba pang kayamanan.
Ideolohiyang Pampolitika	- nakapokus sa paraan ng pamumuno, paggawa at pagpapatupad ng mga batas sa isang bansa. - Nauugnay ang politikal na ideolohiya sa mga kilusan para sa panlipunang pagbabago. - Hinihikayat nito ang mga tao na kumilos ayon sa ninanais nilang mga pagbabago sa lipunan.

Iba't ibang Ideolohiya na Nabuo sa Asya

Sa pampolitika, ito ay ang demokrasya, at pasismo at sa ekonomiya ay sosyalismo, komunismo at kapitalismo. Ang mga ideolohiyang pang-ekonomiya ay ipinatupad ng mga pamahalaan ng iba't ibang bansa. Pag-aaralan natin ang piling kaso ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Demokrasya	- ang pamamahala ng mga tao. Ang demokrasya ay tunay o tuwiran kapag ang mga tao ang namamahala sa kanilang sarili sa pamamagitan ng lantarang pagpapahayag ng kanilang saloobin.
Pasismo	- Iniuri ang pasismo sa pamamagitan ng mga pagsubok ng estado na ipataw ang pagkontrol sa lahat ng aspeto ng buhay. Maraming iskolar na binibilang ang pasismo na bahagi ng o kasama ng koalisyon, sukdulang makakanang politika.

Sosyalismo	- Tumutukoy sa teoryang ekonomiko na ang pagmamay-ari ng malalaking sistema ng produksyon kasama ang pagmamay-ari ng lupa at iba pang kayamanan ay nasa kamay ng estado samantalang ang mga maliliit na sistema ng produksyon ay nasa kamay ng pribadong mamamayan. Niyayakap ng pamahalaan ang sistemang ito gayundin ang pagkakaroon ng pantay-pantay na pagkakataon sa lahat ng indibidwal na magkaroon ng patas o igitaryang pamamaraan ng pasahod, pabahay, edukasyon, pangkalusugan at iba pang serbisyong panlipunan.
Komunismo	- Isang ideolohiya na naniniwala na ang sistema ng produksyon at pagmamayri ng lupa at iba pang kayamanan ng bansa ay wala sa pribadong mamamayan bagkus ito ay pagmamay-ari ng lahat. Ang mga mamamayan ay nakakatamasa ng pantay na serbisyong palipunan. Ang pamahalaan ang siyang namamahala sa ganitong sistema ng ekonomiya.
Kapitalismo	- Ang ideolohiya na ang pagmamay-ari ng sistema ng produksyon, distribusyon, at palitan ng produkto at serbisyo ay nasa kamay ng pribadong indibidwal. Malaking bahagi ng lupa at kayaman ng bansa ay pag-aari ng pribadong mamamayan maliban sa mga kayamanang ideneklarang pag-aari ng estado.

Timog Asya

India at Pakistan



Sa Timog at Kanlurang Asya, higit na naging malaki ang impluwensya ng **demokrasya** sa mga kilusang nasyonalista. Sa India, sa ilalim ng pananakop ng pamahalaang Gran Britanya, maraming Indiano ang naging aktibo sa muling pagbuhay ng kaisipan at tradisyong Hindu. Hindi matanggap ng mga Indiano ang pagbalewala at pag-alis sa kanilang nakagisnang kultura. Hinimok ni Swarni Dayanand Saraswati, isang nasyonalista, ang muling pagbasa ng mga veda upang maging batayan ng pang araw-araw na pamumuhay ng mga Indiano. Hinangad din ng mga Indiano ang pikachurin ng konstitusyon na magbibigay sa kanila ng mas malaki at malawak na pagkakataong makalahok sa pamamahala sa bansa.

Ang naging mabagal na pagkakaloob ng pamahalaang Gran Britanya sa mga hinihinging pagbabago ang nagtulak sa mga Indiano upang maglunsad at magpalaganap ng isang kilusang rebolusyunaryo.

Pinangunahan ni Bal Gangadhar Tilak ang tinawag na militanteng nasyonalismo. Nagsagawa sila ng marahas na pagkilos laban sa mga Ingles mula 1905 hanggang 1914. Samantala, may mga Indiano naman na nagpamalas ng moderatong nasyonalismo sa pamumuno ni Mohandas Gandhi. Siya ay naging pangulo ng All India National Congress na naitatag noong 1885.

Noong 1935, nagbigay ang pamahalaang Gran Britanya sa India ng isang bagong konstitusyon na nagkaloob ng isang lehislatibong bicameral at estadong pederal, sanggunian ng mga estado at kapulungan. Tinanggihan ito ng mga Indiano at Muslim.

Ayon sa mga Muslim sa India, kung ang mga Hindu ang mas magkakaroon ng kontrol sa India, mapipinsala ang kultura at relihiyong Muslim. Upang mabigyang proteksyon ang kanilang mga karapatan at kapakanan, itinatag ang Muslim League noong 1906. Ito ay sa pangunguna ni Muhammad Ali Jinnah. Naging masigla ito sa kanilang mga gawain. Hiniling niya noong 1947 ang isang hiwalay na bansang Muslim. Ito ay nagbigay-daan sa pagbuo ng bansang Pakistan na naihayag ang kasarinlan kasabay ng India noong Agosto 14, 1947. Samakatuwid, mahalaga ang ideolohiyang demokrasya dahil nagkaroon ng pagkakataong makibahagi ang mga Indiano at Muslim sa pagbubuo ng kanilang bansa.

Sri Lanka at Maliliit na Estado sa Timog Asya



Pinamunuan ng Pamahalaang Britanya ang Sri Lanka at ang buong sub-kontinente ng India sa loob ng isa't kalahating dantaon (1796-1947). Noong 1919, itinatag ang Ceylon National Congress, ang unang partidong pulitikal ng Sri Lanka. Namuno ito upang ipaglaban ang kasarinlan ng bansa. Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pangdaigdig, pinamunuan ni Don Stephen Senanayake, ang itinuturing na “Ama ng Kasarinlang Sri Lanka”, ang pakikipaglaban para sa kasarinlan. Sila ay sinuportahan ng lahat ng pangkat-etniko ng Sri Lanka. Noong Pebrero 4, 1948, ipinahayag ang kasarinlan ng bansa.

Samantala sa Nepal, noong 1990, naganap ang mapayapang Rebolusyong People Power. Nagsilbing inspirasyon nila ang EDSA Rebolusyon sa Pilipinas noong 1986. Noong Disyembre 24, 2007, ipinahayag ng Nepalese Constituent Assembly na lalansagin na ang monarkiya sa 2008 pagkatapos ng eleksiyon sa Asemblea. Noong May 28, 2008, idineklara ang Nepal bilang isang Federal Democratic Republic.

Ceylon – ang orihinal na pangalan ng bansang Sri Lanka.

Mula sa tekstong iyong binasa, paano kaya nakaapekto sa mga mamamayan ng Timog Asya ang mga ideolohiyang kanilang pinaniniwalaan?

Kanlurang Asya

Israel

Natagpuan ng mga Hudyo ang kalayaan at oportunidad sa pamamagitan ng Estados Unidos. Naging instrumental ang pamahalaan ng US sa pagtulong sa mga Hudyo.



Sa pagtatapos ng ika-19 na dantaon, sumibol ang mga pagkilos upang ang mga Hudyo ay makabalik sa kanilang lupain. Itinatag ang Kilusang Zionismo sa Basel, Switzerland noong 1897 ni Theodor Herzl (1860 – 1904), isang Austrian - Hungarian. Nagsimula ang kilusan sa pagbabalik ng mga Hudyo sa kanilang “lupaing pangako”. Libo-libong migranteng Hudyo ang pumunta sa Palestine at doon nagtatag ng kanilang panirahan. Ikinagalit ito ng mga Palestiniang Arabo. Kaya noong 1921, inayos ng Pamahalaang Britanya ang usapin tungkol dito na nagdulot ng paghahati sa Palestine. Nagkaroon ito ng dalawang estado- isa para sa mga Hudyo at ang isa ay para sa mga Arabo.

Ipinangako sa bawat isang grupo ang kani-kanilang kasarinlan. Subalit ang bawat isa ay hindi nasiyahan. Ang panahon ng pagkakahating ito (1920 – 1948) ay puno ng madudugong labanan sa pagitan ng mga Hudyo at Arabo.

Ang kasukdulan ng mapait na nakaraan ng mga Hudyo ay ang ginawang pagpatay sa milyon-milyong mga Hudyo na nasa Europe noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (1939 – 1944). Isinagawa ito ng Nazi Germany sa pamumuno ni Adolf Hitler. Ang pangyayaring ito ay tinawag na *holocaust*, ito ang naging dala dalang prinsipyo ng pakikibaka ng mga Hudyo at ng kanilang mga tagasuporta. Ito din ang naging dahilan ng kanilang pagbabalik sa Palestine bilang lupaing pangako.

Inihayag ang malayang nasyon ng Israel sa Tel -Aviv noong Mayo 14, 1948. Tinawag itong Republika ng Israel at ang naging unang Punong Ministro ay si David Ben-Gurion.

Holocaust - ang malawakang pagpaslang sa mahigit-kumulang anim na milyong Europeong Hudyo noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Tel - Aviv - ang pangunahing lungsod na Israeli sa baybayin ng Dagat Mediteraneo

Iraq



Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang Iraq at Palestine ay napasailalim sa pamamahala ng Bansang Britanya. Dahil sa hindi maayos na pamumuno at kapabayaang ng mga Ottoman, sumibol ang mga kilusang makabayan noong huling bahagi ng ika-19 na dantaon. Sumiklab ang mga nasyonalistang pag-aalsa sa Baghdad at nahirapan ang mga hukbong Britanya sa paggapi sa mga ito. Upang mahikayat na pumanig sa kanila, pumayag ang Pamahalaang Britanya sa hiling ng mga nasyonalistang Iraqui. Ang kahilingang ito ay ang ipagkaloob sa kanila ang kasarinlan at itatag ang Kaharian ng Iraqui gayundin ang pagluluklok kay Faisal bilang hari.

Noong Agosto 23, 1921, si Faisal ay naluklok bilang hari. Ipinagkaloob naman ang kasarinlan ng Iraq noong 1932. Gayunpaman, kontrolado pa rin ng mga kanluraning kompanya ang industriya ng langis pagkaraang matuklasan ito noong 1927.

Mula nang mamatay si Haring Faisal I noong 1933 hanggang dekada 1960, ang karaniwang tagpo sa bansa ay ang magkakasunod at madudugong kudeta. Sa mahabang panahon, nakilala ang Iraq na “Republika ng Takot” dahil ang mga pagbabago ng pamahalaan ay madalas na humahantong sa karahasan. Ilang ulit na nagpalit ng mga administrasyon sa bansa at nangyayari ito gamit ang karahasan, pananakot, o pakikipagdigmaan. Hindi nila kinikilala ang demokrasya, kalayaan, mga karapatang pantao, malayang eleksyon at malayang pananalita sa kanilang bansa. Naging malakas na pwersa ang militar sa bansa. Bagaman, umaasa pa rin ang mga Iraqui at ang sandaigdigan na maghahari pa rin ang kapayapaan, demokrasya, at paggalang sa mga karapatang pantao sa bansang ito.

Saudi Arabia




Dahil sa kalupitan at labis na paniningil ng buwis, naghangad ng kasarinlan ang mga Arab mula sa mga Turko. Noong 1744, nagsanib ang pwersa nina Muhammad Ibn Saud, isang pinunong Arab at Muhammad Ibn Abd-al-Wahhab, isang kleriko upang makapagtatag ng alyansang politikal. Ito ang naging pundasyon ng dinastiyang namumuno ngayon sa Saudi Arabia. Noong Unang Digmaang Pandaigdig, tumulong si Haring Abdul Aziz at ang mga nasyonalistang Arabo sa mga bansang Gran Britanya sa pakikipaglaban sa mga Ottoman Turko. Nangako ang Gran Britanya na ipagkakaloob ang kanilang kasarinlan.

Pinag-isa ni Colonel Thomas Edward Lawrence ang nagdidigmaang mga tribung Arab. Pinamunuan niya ang mga ito sa paggapi sa mga pwersang Turko-German.

Ang modernong Kaharian ng Saudi Arabia ay likha ni Haring Abdul Aziz Ibn Saud. Sinakop niya ang Riyadh noong 1902 at ginawa niyang lider ang sarili ng kilusang makabayan ng mga Arabo. Noong 1932, inihayag niya ang sarili bilang Hari ng Saudi Arabia.

Walang demokrasya sa bansa at hindi tinatanggap ng absolutong monarkiya ng Saudi ang mga pagtutol ng mga mamamayan. Kontrolado ang pamahalaan ng isang pamilya, ang mga Saud. Ang hari ang gumagawa ng mga batas at kasunduan. Walang eleksiyon, walang partidong politikal, at walang lehislatura dito.

Sa pamamagitan ng langis, lakas sandatahan, at ugnayang internasyonal, nagagawa ng mga Taga-Saudi ang makipagsabayan sa mga makapangyarihang bansa sa larangan ng politika.



Pagyamanin

Gawain 1: Sagutin Mo!

Pagkatapos ng pagsusuri ng teksto, sagutin ang sumusunod na tanong at isulat sa sagutang papel.

1. Sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya, ano-ano ang ideolohiyang nakaaapekto sa pagkakaroon ng malawakang kilusang nasyonalista. Bakit?







2. Paanong ang iba't ibang ideolohiya ay nakaaapekto sa pagkakaroon ng malawakang kilusang nasyonalista?


3. Paanong nagkaroon ng transpormasyon sa pamamagitan ng nabanggit na mga ideolohiya ang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya?

Nasagot mo ba ang mga tanong kaugnay sa iyong binasang teksto?
Kung gayon maaari mo ring masagot ang iba pang mga nakahandang gawain kaugnay sa tekstong iyong binasa.

Gawain 2: Kilalanin Natin!

Mula sa mga larawan sa loob ng kahon, kilalanin at alamin kung anong ideolohiya ang kanilang nalinang. Isulat ang bansang kanilang pinamunuan at pinagmulan gayundin ang iba pang impormasyong hinihingi ng talahanayan. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Larawan	KANLURANG ASYA				
	Bansa	Kilusang Nasyonalista	Ideolohiya	Ebidensya	Epekto
 Omer al-Hayami					
 Salafism					
 Muhammad bin Abd al-Wahhab					
 Muhammad bin Abd al-Wahhab					
 Nadia Satir					
 Mahatma Gandhi					

 Dumamah-ial-nihja					
--	--	--	--	--	--

Ayan! Para sa ikalawang gawain, nahulaan mo ba kung sino-sino ang namuno sa iba't ibang paniniwala o ideolohiya gayundin ang mga bansang kanilang pinamunuan?

Ano-ano ang transpormasyong naganap sa kanilang mga bansa?

Gawain 3: Map Analysis, Timog at Kanlurang Asya

Panuto: Suriin ang sumusunod na mapa at bakatin sa inyong malinis na papel. Kulayan ang mga bansa nang ayon sa kanilang ideolohiya.


Legend:

ASUL - Demokrasya


DILAW - Sosyalismo

PULA - Komunismo

KANLURANG ASYA



TIMOG ASYA



Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang bansang naniniwala sa demokrasya? Sosyalismo? Komunismo?
2. Paano nakatulong ang mga lider ng mga bansa sa pagpapanatili at pagsusulong ng kanilang pinaniwalaang ideolohiya?
3. Paano nagkakaiba-iba sa tindi ng pagsusulong ng nasyonalismo ang mga bansang naniniwala sa demokrasya, sosyalismo, at komunismo?

Nakulayan mo ba ng maayos at tama ang mga bansa na naniwala sa iba't ibang mga ideolohiya sa Timog at Kanlurang Asya?

Magaling!!!!



Isaisip

Gawain: Lesson Closure

Kumpletuhin ang sumusunod na pahayag. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

Sa araw na ito ay natutuhan ko na:


1. Ang pinakamahalagang ideya na nakaapekto sa akin ay _____

_____.

2. Ito ay mahalaga sapagkat _____

 _____.
3. Sa kabuoan, napagtanto ko na _____

 _____.



Isagawa

Gawain 1: Picture Collage

Panuto: Sa kasalukuyang panahon, magsaliksik ng limang personalidad na taga-Timog at Kanlurang Asya na naging instrumento sa pagbabago ng kanilang bansa. Humanap ng kanilang larawan at mga inilunsad nilang gawain na naging instrumento sa pagbabago. Ipakita ito sa pamamagitan ng *picture collage*. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Rubrik sa Pagmamarka ng Picture collage

KRAYTIRYA	PUNTOS
Nilalaman	10 puntos
Organisasyon ng mga ideya	5 puntos
Pagkamalikhain	5 puntos

Gawain 2: Itala Mo!

Itala sa talahanayan ang mga katangian ng pamahalaang naniniwala sa ideolohiyang demokrasya at komunismo.

DEMOKRASYA	KOMUNISMO

Alin sa dalawang ideolohiyang sinuri mo ang pinaniniwalaan mong dapat mong itaguyod? Ipaliwanag.



Tayahin

Suriin at unawaing mabuti ang bawat pahayag at katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ayon sa ideolohiyang kapitalismo, kailangan ay maliit o limitado ang papel na ginagampanan ng ahensya o institusyong ito sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa. Ano ang tinutukoy ng pahayag?
 - a. Edukasyon
 - b. Mass Media o Mamamahayag
 - c. Pamahalaan
 - d. Simbahan
2. Ang kapangyarihan ng pamahalaan ay nasa kamay lamang ng isang tao at ang pinuno ng sistemang ito ay karaniwang tinatawag na hari o reyna. Anong Sistema ang tinutukoy ng pahayag?
 - a. Awtoritaryanismo
 - b. Demokrasya
 - c. Monarkiya
 - d. Totalitaryanismo
3. Alin sa sumusunod ang uri ng nasyonalismo na umusbong sa Saudi Arabia?
 - a. Komunismo
 - b. Monarkiya
 - c. Sosyalismo
 - d. Totalitaryanismo
4. Sino ang **HINDI** kabilang sa pangkat ng mga lider ng Komunismo?
 - a. Nicolai Lenin
 - b. Karl Marx
 - c. Joseph Stalin
 - d. Leon Trotsky
5. Ayon sa kaisipang Komunismo, ang puhunan at sistema ng produksyon ay kontrolado ng estado. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang nais wakasan ng kaisipang komunismo?
 - a. demokratikong sosyalismo
 - b. kapitalismo
 - c. sistemang komunal
 - d. Sosyalismo
6. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang nagpapamalas ng Nasyonalismo?
 - a. Pagtangkilik ng sariling produkto
 - b. Pagpapatibay ng ugnayang panlabas
 - c. Pag-angkat ng mga produkto sa ibang bansa
 - d. Wala sa mga nabanggit

7. Ang nasyonalismo ay ang pagsibol ng damdaming makabayan na nagbigay-daan para may matutunan ang mga mamamayan. Ano ang natutunan ng mga Asyano mula rito?
- Pagpatibay ng ugnayang panlabas
 - Maging laging handa sa pananakop
 - Makisalamuha sa mga mananakop
 - Pigilin ang paglaganap ng imperyalismong kanluranin
8. Ano ang dimensyon ng buhay ang **HINDI** gaanong naaapektuhan ng anumang ideolohiya?
- batas
 - isports
 - kabuhayan
 - kultura
9. Ano ang paraan ng pakikilahok ng mga mamamayan sa pagpili ng mga pinuno sa ilalim ng demokratikong bansa?
- Check and Balance*
 - Tagapagbatas
 - Tagapagpaganap
 - Tuwiran at Di-Tuwirang pagboto
10. Alin sa sumusunod na kaisipan ang **HINDI** kabilang sa prinsipyo ng Komunismo?
- Pagbibigay proteksyon sa mga manggagawa.
 - Lubos na paghihiwalay ng simbahan at Estado.
 - Pagpapalakas ng mga malalaking pribadong negosyo.
 - Pagwawakas ng kapitalismo.
11. Anong ideolohiya ang nagbibigay kalayaan sa mga mamamayan na mamahala ng kanilang kabuhayan na sinusunod ng mga bansang Pilipinas, Hapon, Estados Unidos, at Timog Korea?
- Demokrasyang sosyalismo
 - Kapitalismo
 - Komunismo
 - Sosyalismo
12. Sa ilalim ng sistemang pangkabuhayang ito, ang produksyon, distribusyon at kalakaran ay kontrolado ng mga pribadong mangangalakal. Anong sistemang pangkabuhayan ang tinutukoy nito?
- Demokrasyang sosyalismo
 - Kapitalismo
 - Komunismo
 - Sosyalismo

13. Ang sistemang ito ay may layuning pagkakapantay-pantay at kawalan ng antas o pag-uuri-uri ng lipunan (classless society) kung saan ang mga salik ng produksyon ay pag-aari ng lipunan. Anong sistema ito?
- Demokrasyang sosyalismo
 - Kapitalismo
 - Komunismo
 - Sosyalismo
14. Anong ideolohiya ang naglalayon na makamit ang perpektong lipunan sa pamamagitan ng pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa, pagtutulungan, at ang paghawak ng pamahalaan sa mahahalagang industriya?
- Demokrasyang sosyalismo
 - Kapitalismo
 - Komunismo
 - Sosyalismo
15. Sa anong sistema nakapaloob na ang kapangyarihan sa pamahalaan ay nasa kamay ng mga mamamayan at sila rin ang pumipili ng magiging Pinuno sa pamamagitan ng halalan?
- Awtoritaryanismo
 - Demokrasya
 - Monarkiya
 - Totalitaryanismo



Karagdagang Gawain


Gawain: Tungo sa Mainam na Demokrasya

Ang demokrasya ay hindi lamang isang ideolohiya. Ito rin ay naglalarawan ng isang uri ng pamumuhay. Upang mapainam ang pagsasabuhay nito, ano-ano ang mga salik o kalagayang dapat makita o mapairal sa isang lipunan? Piliin mula sa mga sagot sa ibaba ang angkop na kalagayang dapat isaalang-alang para sa katangian ng demokrasya sa kaliwang hanay. Isulat lamang ang titik o letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

Katangian ng Demokrasya	Salik na Makatutulong sa Mainam na Pag-iral nito
1. Malayang halalan	
2. Pagtataguyod ng kapakanan ng mamamayan.	
3. Pamahalaang itinatakda ang kapangyarihan ayon sa saligang batas o konstitusyon	
4. Paggalang sa desisyon ng mayorya at paggarantiya ng karapatan ng nasa minoritya.	

- a. May kalayaan sa pamamahayag, pananalita at mapayapang pagtitipon.
- b. Hindi lamang iisa ang umiiral na partidong pulitikal
- c. May mga batas na magpaparusa sa sinomang lingkod ng pamahalaan na aabuso sa kanilang kapangyarihan.
- d. May matatag na ekonomiya at mga oportunidad sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mamamayan.
- e. Ang mga patakarang pinaiiral ng pamahalaan ay naaayon sa batas.
- f. Ang mga karapatan ng mga IPs o indigenous peoples ay napoprotektahan.
- g. May mga programang ipinatutupad para ipaunawa ang kahalagahan ng matalinong pagboto.
- h. Kinikilala ang saloobin ng nakararami sa mga usaping panlipunan o pagpasa ng batas.

Binabati kita! Maluwalhati mong natapos ang bahaging ito ng aralin. Ngayon ay naniniwala ako na ikaw ay may lubos ng kaalaman tungkol sa iba't ibang ideolohiya ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.



Susi sa Pagwawasto

- Karagdagang Gawain**
1. b, g.
 2. a, d
 3. c, e
 4. f, h.
- Subukin at Tayahin**
1. C
 2. D
 3. B
 4. B
 5. B
 6. A
 7. D
 8. B
 9. D
 10. C
 11. B
 12. B
 13. C
 14. D
 15. B

Concept Map

Demokrasya – ang demokrasya sa literal na kahulugan, ay ang pamamahala ng mga tao. Ang demokrasya ay tunay o tuwiran kapag ang mga tao ang namamahala sa kanilang sarili sa pamamagitan ng lantarang pagpapahayag ng kanilang saloobin.

Soyalismo – Tumutukoy sa teoryang ekonomiko na ang pagmamay-ari ng malalaking sistema ng produksyon kasama ang pagmamay-ari ng lupa at iba pang kayamanan ay nasa kamay ng estado samantalang ang mga maliliit na sistema ng produksyon ay nasa kamay ng pribadong mamamayan. Niyayakap ng pamahalaan ang sistemang ito gayundin ang pagkakataraan ng pantay-pantay na pagkakataraon sa lahat ng indibidwal na magkataroon ng patas o igallitayang pamamaraan ng pasahod, pabahay, edukasyon, pangkalusugan at iba pang serbisyong panlipunan.

Isang ideolohiya na naniniwala na ang sistema ng produksyon at pagmamay-ari ng lupa at iba pang kayamanan ng bansa ay wala sa pribadong mamamayan bagkus ito ay pagmamay-ari ng lahat. Ang mga mamamayan ay nakakatatamasa ng pantay na serbisyong palipunan. Ang pamahalaan ang siyang namamahala sa ganitong sistema ng ekonomiya.

Ang *ideolohiya* ay kaisipang nakampiwenya sa pag-iisip, pananaw at pagkilos ng mga tao na kabilang sa grupo o sa partikular na lipunan.

Tuklasin: Word Web

Mga Mungkahing Sagot (Maaaring may iba kang sagot na katulad rin ng mga halimbawang nakasulat.)

DEMOKRASYA	Nasa kamay ng mga tao ang kapangyarihan sa pamahalaan
KOMUNISMO	Walang pag-uuri-uri sa lipunan (<i>Classless Society</i>)
	Ang produktosyon at mga produkto ay pag-aari ng mamamayan
	Naghahala ng pinunong gusto nila ang mga mamamayan
	Tinutugunan ng pamahalaan ang kagustuhan ng nakararaming mamamayan
	Mawala ang kapangyarihan ng mamamayan at papalit ang diktadurya

Ilagawa:

Sanggunian

Modyul

Rosemarie C. Blando et. al., *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba*, *Araling Panlipunan Modyul Para sa Mag-aaral*. Pasig City. 2014

Project EASE, *Araling Panlipunan III. Modyul 18: Mga Ideolohiyang Lumaganap sa Daigdig*

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph